# Hindi matitigil ang mga tao sa pagiging nasa kabutihan hanggat nagmamadali sila sa paghinto sa pag-aayuno.

Ayon kay Sahl bin Sa`d As-Sā`idīy, malugod si Allah sa kanya, ang Sugo ni Allah, (s), ay nagsabi: "Hindi matitigil ang mga tao sa pagiging nasa kabutihan hanggat nagmamadali sila sa paghinto sa pag-aayuno."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinababatid ng Propeta, (s), sa hadith na ito na ang mga tao ay hindi matitigil sa pagiging nasa kabutihan hanggat nagmamadali sila sa paghinto sa pag-aayuno dahil sila sa pamamagitan niyon ay nangangalaga sa sunnah. Kapag sumalungat sila at ipinagpaliban nila ang paghinto sa pag-aayuno, ito ay isang patunay ng paglaho ng kabutihan sa kanila dahil sila ay tumalikod sa pagkapit nila sa sunnah na iniwan ng Propeta, (s), doon ang Kalipunan niya at ipinag-utos niya sa kanila na pangalagaan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee